

MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG CHICAGO



PATAS NA LINGGO NG TRABAHO

NANGANGAILANGAN NG MGA TATANTYANG ISKEDYUL AT BAYAD PARA SA MGA PAGBABAGO SA ISKEDYUL (MCC 1-25)

Dapat magbigay ang mga Employer sa mga Manggagawa ng nakasulat na tantya ng mga araw at oras ng trabaho bago o sa oras ng pagkakapasok sa trabaho

Dapat ipaskil ng mga Employer ang mga Iskedyul ng Trabaho nang may hindi bababa sa 10 araw na abiso

Kapag gumagawa ang mga Employer ng mga pagbabago sa Iskedyul ng Trabaho nang mas mababa sa 10 araw bago magsimula ang Iskedyul ng Trabaho	
Nagbabawas ng mga oras	Dapat makatanggap ang mga Manggagawa ng isang oras na karagdagang suweldo para sa bawat naapektuhang shift
Nagdaragdag ng mga oras	
Nagbabago ng mga shift nang walang pagkawala ng mga oras	

Kapag gumagawa ang mga Employer ng mga pagbabago sa isang shift nang mas mababa sa 24 na oras bago magsimula ang shift	
Nagbabawas ng mga oras	Dapat matanggap ng mga Manggagawa ang 50% ng kanilang suweldo para sa mga nawalang oras
Nagdaragdag ng mga oras	Dapat makatanggap ang mga Manggagawa ng isang oras na karagdagang suweldo para sa bawat naapektuhang shift
Nagbabago ng mga shift nang walang pagkawala ng mga oras	

Maaaring tanggihan ng mga Manggagawa ang mga oras na nagaganap nang mas mababa sa 10 oras bago ang pagtatapos ng shift ng nakaraang araw

Dapat bayaran ang mga Manggagawa nang 1.25 beses ng regular na suweldo para sa anumang shift na nagsisimula nang mas mababa sa 10 oras bago ang pagtatapos ng shift ng nakaraang araw

SINO ANG SAKOP NG ORDINANSA SA PATAS NA LINGGO NG TRABAHO?

Mga Empleyado na nagtatrabaho ng karamihan ng oras sa Chicago, sa isang sakop na industriya at kumikita ng \$50,000 kada taon (sahod) o \$26 kada oras (bawat oras) o mas mababa. Kasama rito ang mga pansamantalang manggagawa na nasa tungkulin nang 420 oras sa loob ng 18 buwang panahon

Mga Employer na kalakhang sangkot sa isang sakop na industriya (mga serbisyong panggosali, pangangalagang pangkalusugan, hotel, pagmamanupaktura, restaurant, retail, o mga serbisyo ng warehouse) na nagpapatrabaho ng 100 o higit pang empleyado (250 para sa mga not for profit), hindi bababa sa 50 sa kanila ay sakop ng Ordinansa. Ang mga nag-franchise na may higit sa 3 lokasyon ay maaaring maging mga Employer



MAGHAIN NG REKLAMO

Tawagan ang 311, gamitin ang CHI 311 app, o maghain ng Form ng Reklamo sa

www.bacp.com/laborstandards



Para sa karagdagang detalye, bisitahan ang www.chicago.gov/laborstandards o makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Standards) sa bacplaborstandards@cityofchicago.org o sa 312-744-2211

Dapat ipakita ang Abisong ito sa isang kapuna-punang lugar sa lugar na pinagtatrabahuhan at ibigay kasama ng unang paycheck ng bawat Sakop na Empleyado. Ipinagbabawal ang paghihiganti. Epektibo ang abiso sa Hulyo 1, 2020. Huling na-update noong Hulyo 1, 2020